

**FACT SHEET**

**Mga Kababaihan  
sa Industriya ng Bigas  
sa Pilipinas**



2007

Karapatang Sipi

Rice Watch and Action Network

Reserbado ang lahat ng karapatan.

Sinuportahan ng International Trade  
and Gender Network (ITGN)  
ang pananaliksik at panulat ang  
*fact sheet* na ito.

Ang *Fact Sheet* na ito ay inilimbag ng  
Rice Watch and Action Network.

Pananaliksik at panulat: Riza Bernabe  
Pangangasiwa sa produksyon: Hazel Tanchuling  
Tagasalin at patnugutan: Joyce Sierra  
Disenyo at mga larawan: Nonoy Regalado

## Ang Industriya ng Bigas



Katulad ng ibang bansa sa Asya, ang bigas ay pangunahin at pinakamahalagang pagkain sa Pilipinas. Dahil dito, ang pagtalakay sa mga patakaran sa kasiguruhan sa pagkain o *food security* ay inaasahang iikot sa kakayahang magkaroon ng bigas na kailangan ng bansa mula sa sarili nitong produksyon. Dagdag pa rito, ang bigas ay sumasaklaw sa 19 na porsyento ng kabuuang gastusin sa pagkain ng bawat pamilya noong 2000.<sup>1</sup> Ang bigas din ang pinanggagalingan ng 65 porsyento ng *calories* at 45 porsyento ng protina ng mga Pilipino.<sup>2</sup>

Ang pagtatanim sa mga palayan ay isang mahalagang pinagmumulan ng kabuhayan ng bawat Pilipino at pangunahing pang-ekonomiyang gawain sa kanayunan. Dito nagmumula ang 17 porsyento ng kabuuang ani sa pagsasaka ng bansa noong 2001-2005 at nagbibigay ng hanapbuhay sa 4 na milyong magsasaka sa bansa.<sup>3</sup> Ang mga kababaihan sa pagsasaka ay

umaabot sa 6 na milyon kung saan 37.36 porsyento ay nagtatanim ng palay.<sup>4</sup> Ang ibang mga kababaihan sa pagsasaka ay nasa sector ng mais (26.81%), pag-aalaga ng hayup o live-stock (11.79%), niyugan (6.75%), sagingan (1.95%), asukal (1.97%), ibang produkto at serbisyo (13.22%) at pangangaso sa kagubatan (0.15%).<sup>5</sup>

Ang taniman ng palay ay matatagpuan sa lahat ng rehiyon sa bansa. Sa katunayan, halos 40 porsyento ng lupang sinasaka sa bansa ay natatamnan ng palay. Ang mga rehiyon na pangunahing nagbibigay ng kinakaing bigas ng mga Pilipino ay ang Gitnang Luzon, Autonomous Region in Mindanao (ARMM) at Cagayan Valley.<sup>6</sup>

## **Mga Patakaran sa Pangagalakal ng Bigas**

Ang Pilipinas ay nananatiling nasa ilalim ng *Quantitative Restriction* (QR) sa pag-angkat ng bigas mula sa ibang bansa. Ang QR sa bigas ang nananatiling pamamaraan upang mapigilan ang patuloy na pag-angkat ng bigas sa ilalim ng *Magna Carta of Small Farmers* (Republic Act 7607 of 1992). Binago ang batas na ito sa pamamagitan ng *Agricultural Tariffication Act* (Republic Act 8178 of 1996) at pinatawan ng taripa ang ibang mga produktong pansakahan.

Nakakuha ang Pilipinas ng palugit sa liberalisasyon ng industriya ng bigas na naaayon sa *Annex 5 ng Agreement on Agriculture* (AoA) ng World Trade Organization. Pinayagan ang bansang panatiliin ang ganitong pamamamaraan ng pagpigil sa pagpasok ng bigas mula sa ibang bansa. Pinahintulutan ito bagama't nagpataw na ng taripa sa ibang mga produkto bilang pagsang-ayon ang Pilipinas sa *General Agreement on Tariffs and Trade* (GATT).

Nagpatuloy ang panggigipit upang maisailalim sa liberalisasyon ang industriya ng bigas nitong mga nakaraang taon. Natapos noong 2004 ang palugit na ibinigay sa Pilipinas sa ilalim ng *Annex 5* ng AoA. Naging debate kung dapat patawan ng taripa ang bigas upang maging bahagi ito ng maluwag na kalakalan o isailalim muli sa QR ang pag-aangkat ng bigas. Ginamit ng mga institusyong nagpapautang sa Pilipinas, tulad ng Asian Development Bank (ADB), bilang isa sa mga kundisyon sa inutang na *Grains Sector Development Program*, ang pagpapataw ng taripa sa bigas.

Subali't nanindigan ang mga magsasaka ng palay at mga NGOs na pigilan ang pagluluwag ng kalakalan sa industriya ng bigas. Nakipagbuno ang mga magsasaka sa mga pagtatalo sa Kongreso at Gabinete para tutulan ang pagpapataw ng taripa tungo sa pagluluwag ng pag-aangkat ng bigas mula sa ibang bansa. Sa katapusan ay nakumbinsi rin ang mga negosyador ng pamahalaan sa WTO na humingi ng dagdag na palugit upang isailalim sa QR ang Pilipinas. Napilitan din ang ADB na ibigay ang utang na hinihingi bagama't hindi nasunod ang kundisyon nitong patawan ng taripa ang produkto ng bigas.



Subali't hindi pa rin nakaligtas ang industriya ng bigas sa pagpasok sa maluwag na kalakalan. Ang mga kasunduan sa rehiyon sa ilalim ng Association of South East Asian Nations (ASEAN) Free Trade Area – Common Effective Preferential Treatment (AFTA-CEPT) at ASEAN-China Free Trade Area ay naglatag ng mga kaukulang pamantayan tungo sa pagpasok ng industriya ng bigas sa pamilihan ng buong rehiyon. Itinuring na *highly sensitive product* o lubhang maselang produkto ang bigas sa mga kasapi ng ASEAN. Subali't bunga ng kasunduang pinirmahan ng Pilipinas sa ASEAN, binuksan ng pamahalaan ang lokal na pamilihan sa ibang bansang kasapi ng ASEAN na nagluluwas ng bigas. Sa ilalim ng AFTA-CEPT, tinanggal ng Pilipinas ang mga pamamaraan ng pagpipigil sa pagpasok ng bigas mula sa ibang bansa. Pinatawan ng pamahalaan ng 50 porsyentong taripa ang lahat ng mga inaangkat na produkto, kabilang ang bigas, mula sa ASEAN noong 2003. Ito ay malinaw na sumasalungat sa paghingi ng QR sa bigas sa WTO.

## **Papel na Ginagampanan ng Kababaihan sa Sakahan ng Palay**

Malaki ang papel na ginagampanan ng mga kababaihan sa industriya ng bigas lalo na sa ilang mga bahagi ng proseso sa pagsasaka. Binubuo ng limang bahagi ang proseso ng pagsasaka ng palay. Ang mga ito ay ang (1) kakayahang magkaroon ng mga pangangailangan sa pagsasaka (2) aktwal na pagsasaka (3) pagbebenta ng inaning palay (4) paggigiling at (5) pagbebenta ng bigas sa maliliit at malalaking pamilihan. Ang mga datos na naghiiwalay sa kasarian at *gender* na nasa ibaba ay para sa dalawang naunang bahagi lamang.

## **Pagpapasulpot ng mga pangangailangan sa pagsasaka**

### **Pagpapasulpot ng puhunan**

Ang mga kababaihan ay may mahalagang papel na ginagampanan sa pagpapasulpot ng puhunan at ilang pangangailangan sa pagsasaka. Sa isang pag-aaral na ginawa ng Philippine Peasant Institute (PPI), halos 70 porsyento ng mga kababaihang nakapanayam ang naghahanap ng mapagkukunan ng puhunan sa pagsasaka.<sup>7</sup> Nakita rin sa nasabing pag-aaral na 94 na porsyento ng mga kababaihan ay nangungutang ng puhunan mula sa mga nagpapautang na umiikot sa mga komunidad o *informal moneylenders*, maliliit na tindahan, kooperatiba, mga kamag-anak at iba pang mapagkukunan ng pera para sa pagsasaka at kagyat na pangangailangan ng pamilya.

Ang mga babae ang nangungutang ng pera dahil sila ang nangangasiwa ng mga gastusin sa bahay at pagsasaka. Higit na malaki ang responsibilidad ng mga babae kaysa mga lalaki para pagtagpuin ang mahigpit na pangangailangan ng pamilya at



kabuhayan sa pagsasaka. Subali't lumabas din sa nasabing pag-aaral na 5 porsyento lamang ng mga kababaihan ang kumukuha ng puhunan mula sa mga pormal na institusyong nagpapautang sa mga magsasaka.

Ang problema sa pautang ay mahalaga dahil nakakawing ito sa iba pang bahagi ng pagsasaka ng palay. Karamihan ng mga nagpapautang sa bansa ay mga mangangalakal din na bumibili ng palay ng mga magsasaka. Napipilitan ang mga magsasakang itaya sa pangungutang ang aanihin pa lamang na palay bilang kabayaran. Dahil dito, hindi na makakapamilya ang mga magsasaka ng pagbebentahan ng palay para makakuha ng mas mataas na presyo pagdating ng anihan.

### **Pag-aari ng lupa**

Karamihan sa mga mga kababaihang nagsasaka ng palay ay nagmamay-ari ng maliit na lupa, nakikisaka lamang o manggagawang magsasaka. Ang mga kababaihang magsasaka na nagmamay-ari ng lupa ay kadalasang nabigyan ng lupa mula sa programang repormang agraryo ng pamahalaan. Subali't karamihan sa mga titulo ng lupa ay nakapangalan sa kanilang mga asawa sa kabila ng napakahalagang papel sa produksyon na ginagampanan ng mga kababaihan.

Batay sa datos ng *Department of Agrarian Reform*, ang mga kababaihang nakinabang sa repormang agraryo o *agrarian reform beneficiaries* (ARBs) ay umabot lamang sa 22 porsyento ng kabuuang bilang ng mga nabigyan ng lupa noong 2002. Higit na malaki rin ang naging bahagi ng kababaihan sa mga proyektong pang-agraryo kaysa mga lalaki subali't mas maliit na bilang ng kababaihan ang nalalagay sa pamunuan ng mga organisasyon tulad ng *Board of Directors*. [Makikita sa Table 1]

**Table 1. KATAYUAN NG GENDER AND DEVELOPMENT (GAD) NG DAR BENEFICIARIES, 2002**

Pamantayan ng GAD	Babae	Lalaki
Bilang ng ARBs	169,119	580,156
Paglahok sa Organisasyon		
Kasapian	120,527	217,645
Board of Directors	5,589	13,862
Committee	12,535	17,240
Paglahok sa mga Proyekto	5,406	5,166
Paglahok sa Lokal na Pamamahala		
Barangay	4,409	11,715
Municipality	529	1,581
Provincial	912	375

*Pinagmulan: Rural Women Statistics, FNV 2002*

## **Tubigan**

Noong 2000, umabot lamang sa 2.7 milyong ektarya ng kabuuang 4 milyong ektarya ng lupang sakahan ng palay ang may tubigan. Ang natitirang 1.3 milyong ektarya ay nakaasa lamang sa sahod-ulan. Ang mga lupang may tubigan sa Luzon ay 60 porsyento, 26 na porsyento sa Mindanao at 16 na porsyento lamang sa Visayas. Subali't hindi nakasaad sa mga datos ang nakikinabang na mga kababaihan sa mga serbisyo sa tubigan at iba pang mga kagamitan.

## **Tulong mula sa pamahalaan**

Karamihan sa mga nakikinabang sa suporta mula sa pamahalaan ay mga kalalakihan at kulang sa ikatlong bahagi lamang o 1/3 ang mga kababaihan. Ang tanging programa na

halos kalahati ng benepisyaryo ay mga kababaihan, ay ang pagpapautang sa ilalim ng *Agricultural Credit Policy Council*. [Makikita sa Table 2]

**TABLE 2: MGA NAKINABANG, AYON SA KASARIAN SA  
PROGRAMA NG DEPARTMENT OF AGRICULTURE  
SA SEKTOR NG BIGAS**

Nagbibigay ng Serbisyo	Bigas	
	Babae	Lalaki
Regional Field Units	420,942	1,110,405
Agriculture Training Institute	19,179	36,265
Agricultural Credit Policy Council	2,020	2,839
Bureau of Post Harvest and Research	1,240	3,273
Philippine Rice Research Institute	44,085	125,729
Kabuuan	487,466	1,278,511

*Pinagmulan: Rural Women Statistics, FNV 2002*

### **Produksyon sa Bigas**

Pinakita ng pag-aaral ng PPI na ang mga kababaihan a kasama sa halos lahat ng aspeto ng pagsasaka ng palay. Malaki ang paglahok ng mga kababaihan sa pagtatanim, paggagamas, paglalagay ng fertilizer at iba pang sangkap sa lupa, pagbibilad at pagsasako ng palay. [Makikita sa Table 3]

Bukod sa paglahok sa mismong pagsasaka, tungkulin ng mga kababaihan ang paghahanda ng pagkain at pagdadala ng mga ito sa bukid sa oras ng kainan. Malaki rin ang papel na ginagampanan nila sa pagkuha ng mga manggagawa sa pagtatanim at pag-iimbak ng punla para sa susunod na pagtatanim. Taliwas sa paniniwala ng marami, pinakita ng pag-aaral ng PPI na ang mga kababaihan ay hindi lamang nag-aalaga ng pamilya kundi nagtitiyak din na may karampatang pondo

**TABLE 3: PAGLAHOK NG KABABAIHAN  
SA PAGSASAKA NG PALAY**

Paggawa	Bahagi ng paglahok ng kababaihan (%)
Pagpapasulpot ng puhunan	69.23
Paghahawan ng lupa	31.54
Paglalagay ng sangkap sa lupa	56.92
Pag-aararo sa pamamagitan ng traktora	2.31
Paglalagay ng fertilizer	44.62
Pagtatanim ng punla	60.00
Paggagamas ng damo	49.23
Pag-aani ng palay	50.00
Paggigiik ng palay	16.92
Pagtatahip ng palay	32.31
Paglilipat ng palay mula sa bukid	17.00
Pagbibilad ng palay	46.15
Pagsasako ng palay	37.69
Pag-iimbak ng palay sa kamalig	21.54
Pagluluwas ng palay papuntang pamilihan	24.62
Pagbebenta ng palay	26.92
Pagkuha ng mga manggagawa sa bukid	56.15
Paghahanda ng pagkain	80.00
Pagdadala ng pagkain sa bukid	83.08
Pag-iimbak ng punla	58.46
Iba pa	1.54

*Pinagmulan: Surbey ng PPI, 2002*

para sa mga pangangailangan sa pagsasaka bukod sa paglahok sa mismong pagsasaka ng palay.

### **Teknolohiya**

Itinaguyod ng pamahalaan ang hybrid rice upang tumaas ang ani ng palay sa bansa. Kasama ang teknolohiyang ito sa programa ng pamahalaan sa produksyon ng bigas simula pa noong 1998. Subali't, inilunsad lamang ng pamahalaan ang *Hybrid Rice Commercialization Program* noong 2002.<sup>8</sup>

Tinutulan ng mga organisasyon ng mga magsasaka ang teknolohiyang ito at pinagdudahan ang kakayahan nitong pataasin ang produksyon ng palay sa bansa. Bukod sa nakadepende ito sa mga kemikal na abono at iba pang sangkap, tinutulan ng mga magsasaka ng palay ang paggamit ng hybrid rice dahil kinakailangan nilang bumili ng punla tuwing magtatanim dahil sa paggamit ng F1 o terminator na punla. Ayon sa mga magsasaka, palalaksin ng hybrid rice ang kontrol ng mga dayuhan at malalaking kumpanya sa agrikultura sa pangangailangan nila ng punla.



Ang mga kumpanyang nagtatanim ng hybrid rice dito sa Pilipinas ay ang Monsanto, Aventis Crop Science, Bayer at SL Agritech.<sup>9</sup> Tinanggal ng mga kumpanyang ito ang karapatan ng mga magsasakang mamili at magpaunlad ng angkop na punlang itatanim. Higit sa lahat, nalagay sa panganib ang pangunahing papel ng mga kababaihan bilang tagapangalaga ng punla para sa susunod na pagtatanim.

### **Pagbebenta ng palay**

Dalawa ang pangunahing lumalahok sa pagbebenta ng palay ayon sa pag-aaral sa industriya ng bigas na ginawa ng United Nations Development Programme (UNDP) at National Economic Development Authority (NEDA) noong 2005. Ayon sa naturang pag-aaral, ang mga mangangalakal na bumibili ng palay mula sa mga magsasaka at mga biyahero ang mga pangunahing lumalahok sa pagbebenta ng palay.

Binibili ng mga mangangalakal ang palay mula sa mga magsasaka. Ang mga mangangalakal ay kadalasang siya ring nagpapautang sa mga magsasaka kagaya ng nabanggit sa itaas. Pinapautang nila ng puhunan ang mga magsasaka kapalit ng kanilang ani. Dahil dito, nakapagdidikta sila ng higit na mababang presyo sa palay na aanihin pa lamang ng mga magsasaka. Ang mga mangangalakal na ito ang sumasaklaw sa malaking bahagi ng bentahan ng palay.

Ang mga biyahero naman ay nagpupunta sa bukid upang bumili ng palay at pagkatapos ay binebenta sa mga gilingan ng palay.

Ang National Food Authority (NFA) ay bumibili rin ng palay sa mga magsasaka sa mas mataas na halaga sa pag-asang maitataas nito ang bilihan ng palay.<sup>10</sup> Subali't maliit na bahagi lamang ang kayang bilhin ng NFA mula sa mga magsasaka at

hindi kayang maimpluwensyahan ang mababang bilihan na pinananatili ng mga mangangalakal at mga biyahero.

Sa kasalukuyan ay walang datos na tumutukoy sa kasarian at gender ng mga apektadong magsasaka sa ganitong kalakaran sa bilihan ng palay.

### **Paggigiling ng palay**

Binebenta ng mga mangangalakal at biyahero ang mga nabiling palay sa mga *rice millers*. Ang ilang mga rice millers ay bumibili rin ng palay mula sa mga magsasaka at nagbebenta ng bigas sa mga malalaking pamilihan. Kontrolado ng ilang malalaking rice millers ang industriya ng bigas. Sa katunayan, lumabas sa pag-aaral ng UNDP at NEDA na nakuha ng mga rice millers at mangangalakal ang pinakamataas na tubo sa industriya ng bigas.

Wala ring datos sa paggigiling ng palay na tumutukoy sa kasarian at *gender*.

### **Pamamahagi ng bigas sa maliliit at malalaking pamilihan**

Bumibili ng bigas ang mga malalaking pamilihan mula sa mga rice millers at binebenta ito sa mga maliliit na pamilihan. Ang ilang mga *wholesalers* ay nagbebenta rin sa mga maliliit na pamilihan. Ang mga konsyumer ay bumibili sa mga maliliit na pamilihan.

### **Pagpasok ng imported na bigas**

Bagama't nasa ilalim ng QR sa bigas, ang NFA ay patuloy na umaangkat ng bigas tuwing inaasahang kukulangin ang lokal na produksyon ng bigas. Nitong mga nakaraang taon ay

pinahintulutan ang pribadong sector na mag-angkat, bagama't may itinakdang dami alinsunod sa QR. Nag-angkat ang Pilipinas ng umaabot sa 800,000 metriko tonelada hanggang 1.1 milyong metriko tonelada ng bigas sa nakaraang limang taon.

Tinutulan ng mga magsasaka ang pag-aangkat ng bigas sa panahong papalapit ang anihan. Ayon sa mga magsasaka, nag-aangkat ang pamahalaan ng higit sa inaasahang kakulangan ng lokal na produksyon ng bigas. Nagdudulot ang mga ito ng pagbagsak ng presyo ng palay at bigas sa mga pamilihan na humahatak pang lalo sa mababa nang kita ng mga mahihirap na magsasaka.

Ang Pilipinas ay kumukuha ng bigas mula sa Thailand, Vietnam, China at Estados Unidos. Ang kalakhan ng pag-aangkat ng bigas mula sa US ay dinadaan sa kasunduang tulong na pagkain o *food aid* sa ilalim ng P.L. 480. Tinuligsa ng mga magsasaka at NGOs ang P.L. 480 dahil pinahihintulutan nitong magluwas ng bigas ang US ng higit sa inaasahang kakulangan sa produksyon sa Pilipinas. Naging tambakan ang Pilipinas ng mga sobrang produktong agrikultura ng US sa ilalim ng, diumano'y, programang tulong-pagkain.

Bukod sa ligal na pag-aangkat, tinatamaan din ang ang lokal na industriya ng bigas ng malawakang *smuggling* ng bigas. Nagdudulot ito ng pagbagsak ng presyo ng palay at bigas sa pamilihan. Iniulat ng Fair Trade Alliance (FTA), isang grupo ng mga magsasaka, manggagawa, lokal na negosyante at mga NGOs, ang pagdagsa ng 500,000 na sako ng *smuggled* na bigas na lulan ng 1,200 *container vans*. Nagmula ang mga ito sa China, Vietnam at Thailand at dumaong sa pier ng Cebu noong Setyembre 2006.<sup>11</sup>

Walang datos na makukuha hanggil sa lawak at lakas ng *smuggling* ng bigas sa bansa.

## **Pangwakas na Talata**

Maliwanag sa mga nabanggit sa unahan ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga kababaihang magsasaka sa sektor ng bigas. Ang mga patakarang gumagabay sa industriya ng bigas kabilang ang mga pandaigdigang kasunduan sa kalakalan na umaayon sa interes ng iilang negosyante ay may malaking epekto sa kabuhayan ng mga kababaihang magsasaka. Ang industriya ng bigas ay kritikal sa pagkakaroon ng kaseguruhan sa pagkain at pag-unlad sa kanayunan. Pinatutunayan nito ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga kababaihang magsasaka ng palay sa larangan ng agrikultura at ekonomiya sa pangkalahatan. Dahil dito, ang mga patakaran para sa industriya ng bigas ay dapat na kumikilala sa karapatan, kagalingan, adhikain at interes ng mga kababaihang magsasaka.

## End Notes

<sup>1</sup> Datos mula sa Bureau of Agriculture and Statistics, batay sa surbey tungkol sa Family Income and Expenditure noong 2000

<sup>2</sup> Datos batay sa pag-aaral na ginawa nila Bernabe at Montemayor tungkol sa Special Products and Special Safeguard Mechanisms for Philippine Agricultural Products noong 2006 sa ilalim ng International Center for Trade and Sustainable Development

<sup>3</sup> Mula sa datos ng Bureau of Agricultural Statistics noong 2000-2005

<sup>4</sup> Rural Women Statistics, Farm News and Views, Philippine Peasant Institute, 4th Quarter of 2002, batay sa datos ng Bureau of Agricultural Statistics, Development Indicators noong 2002

<sup>5</sup> Ibid.

<sup>6</sup> Ilang piling datos mula sa Bureau of Agricultural Statistics noong 2005

<sup>7</sup> Nakapanayam ng PPI ang 130 kababaihang magsasaka ng palay sa Nueva Ecija, Bulacan, Zambales, Pampanga, Bohol, Zamboanga del Norte and Sur and Lanao del Norte. Ginawa noong 2002, ang pag-aaral ay nakatuon sa iba't ibang pang-ekonomiya at panlipunang suliranin na kinakahara ng mga kababaihang magsasaka sa iba't ibang sector ng pagsasaka.

<sup>8</sup> Redona et al, Commercializing hybrid rice technology in the Philippines, 4th International Science Congress Website, 2004

<sup>9</sup> Datos mula sa "Fiasco on the field – an update on hybrid rice in Asia", website ng Grain, 2005 at mula sa Pinoy Farmers Internet Website na may artikulong pinamagatang, "Why go hybrid rice", 2006

<sup>10</sup> Ang National Food Authority ay isang ahensya ng pamahalaan na naglalayong maitaas ang bilihan ng palay sa bukid at makapagpasok ng bigas sa pamilihan sa mas murang halaga.

<sup>11</sup> Mula sa website ng FTA, "Fair Trade Alliance hits rampant rice smuggling," September 2006

### **Mga Pinagsanggunihan**

MENDOZA, Maria. "Women in the Rice and Corn Industry", *Farm News and Views*, 4th Quarter 2002

LEYESA, Daryl. "Land Rights", *Farm News and Views*, 4th Quarter 2002

"Rural Women Statistics", *Farm News and Views*, 4th Quarter 2002

*The Rice Industry Strategic Issues and Directions*, Sikap/Strive Foundation and the Center for Food and Agribusiness, University of Asia and the Pacific. 2003, Quezon City, Philippines

*From Seed to Shelf: A logistical evaluation of Philippine agriculture*, UNDP, NEDA Study.

*Selected Statistics*, Bureau of Agricultural Statistics 2000-2005

*Filipino Women in Rice Farming*, IRRI, 1988, UP Los Banos

*Role of Women in Agriculture*, Bureau of Agricultural Statistics, 2004

BERNABE, Riza. "Endangering Food Security", *Farm News and Views*, 2001